Republic of the Philippines
**Department of Education**
CARAGA REGION
**SCHOOLS DIVISION OF SIARGAO**

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
AUG 0 6 2025
DATE
DIVISION OF SIARGAO

Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

Agosto 1, 2025

Memorandum Pansangay
08 - 228 2025

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2025**

Sa mga : Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Hepe,CID at SGOD
Mga Punong-guro, Antas Elementarya/Sekundarya
Mga Koordineytor sa Filipino
Mga Guro

1. Batay sa Proklamasyon Blg 1041 s. 1997, ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay ipagdiwang taon-taon tuwing Agosto 1-31 sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabayang pagdiriwang , ipinag-uutos sa Memorandum Panrehiyon Blg 0787, serye 2025 na ang lahat ng pampublikong paaralan ng DepEd- Rehiyon ng Caraga ay magsasagawa ng iba't ibang gawain na may kaugnayan sa pagmamahal ng wikang Filipino at mga katutubong wika nito bilang salamin ng kasaysayan at kultura ng bansang Pilipinas.

3. Layunin sa pagdiriwang sa taong ito ang mga sumusunod:

3.1 Ganap na maitupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
3.2 Maganyak ang mga mag-aaral at ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng paglahok ng iba't ibang gawain ; at
3.3 Maiangat ang mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito.

4. May mga mungkahing gawain bawat linggo ngunit ang paaralan ay may preferensiya sa kung anong aktibiti ang angkop sa kani-kanilang mga mag-aaral. Narito ang mga mungkahi;

4.1 pagsasagawa ng mga paligsahan tulad ng balagtasan,awit, pagguhit ,sabayang pagbigkas at pagsulat ng sanaysay at tula;
4.2 paglalathala ng mga sulating Filipino at mga katutubong wika ; at
4.3 pagtatanghal ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng sayaw , dula at awit.

5 . Sa pagsasagawa ng mga gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order No 9, s 2025 ( *Instituting Measures to Increase Engage Time on Tasks and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin ang tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s 2017, ( *Implementing Guidelines on the Conduct of Off Campus Activities*) kaugnay sa pagsasagawa ng *off campus activity.*

6. Isang naratibong - ulat hinggil sa isang buwan na pagdiriwang ang isusumite sa link na ito; https://tinyurl.com/ULATBNWK2025 .

7. Para sa opisyal na *poster* sa pagdiriwang , maaari itong i-*download* sa link ; https://tinyurl.com/POSTERBNWK25

8. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap sa memorandum na ito .

**MANUEL O. CABERTE**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip:
Gaya ng Nasasaad
Sanggunian:
Gaya ng Nasaad

Ilalagay sa palagiang talatuntunan
Sa ilalim na sumusunod na paksa:

Celebrations and Festivals    Contest    Curriculum    Filipino    Language

rudila/CID/01/01/2025